Bago sa **Gateway ng Medi-Cal CHDP,** ano ang dapat mong malaman

May PANSAMANTALANG libreng Coverage ng Medi-Cal na ang iyong anak ngayon. **Ang coverage ay balido sa buwang ito hanggang sa katapusan ng susunod na buwan.**

Maaari mong gamitin ang iyong kard ng Medi-Cal na naka-print sa papel na binigay sa iyo ng klinika para sa mga susunod na pagbisita sa doktor, mga reseta ng gamot, pangangalaga sa ngipin at pangangalaga sa mata (mga salamin). Ang kard na papel na ito ay tulad ng isang regular na kard ng Medi-Cal. Ang plastikong kard ay ibibigay 2 araw pagkatapos mabigay ang kard na papel.

Kahit na nakatanggap ka na ng kard, tandaang ang coverage na ito ay pansamantala lamang.

Kung hindi ka kukumpleto ng isang aplikasyon, <u>ang coverage ng Medi-Cal ng iyong anak ay matatapos.</u>

Mga bagong panganak na sanggol (mababa sa 12 buwan)

Para sa mga ina, simple lamang ang iyong kaso kung idinagdag mo ang iyong sanggol habang ikaw ay nagbubuntis. May dalawang paraan para idagdag ang iyong bagong-panganak na sanggol sa iyong kaso ng Medi-Cal.

1. Tawagan ang iyong Eligibility Worker (EW) ng Medi-Cal at sabihan silang ipinanganak na ang iyong sanggol. Bigyan din sila ng numero ng kard ng Pansamantalang Gateway ng Medi-Cal na binigay ng klinika.

O

2. Kontakin ang iyong Kagawaran ng Kalusugan ng Long Beach at maaari kaming tumulong sa pagsumite ng Form sa Pagdagdag ng Bagong Panganak. Dalhin lamang ang souvenir o katibayan ng kapanganakan ng sanggol at Kard ng Social Security. Dalhin rin ang numero/kard ng Pansamantalang Gateway ng Medi-Cal.

Para makakuha ng tulong sa aplikasyon ng Medi-Cal o para idagdag ang iyong bagong panganak, kontakin ang iyong Kagawaran ng Kalusugan.

LONG BEACH HEALTH & HUMAN SERVICES
Child Health & Disability Prevention
CHDP

Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyo sa Tao
2525 Grand Avenue
Long Beach, CA 90815
562-570-7979
Mga oras ng opisina: 8-5:00PM Lunes-Biyernes
(Maaari ang mga walk-in at appointment)

Para sa higit pang impormasyon, pakikontak ang Administrasyon ng CHDP ng Long Beach sa 562-570-7980

POST Gateway visit 10.23.2018 En/Spa/Khmer